
4

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 4:

## Magalang na Pananalita sa Pagbibigay Reaksiyon sa Isang Isyu



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q3_Filipino 4_Modyul 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 4: Magalang na Pananalita sa Pagbibigay Reaksiyon sa Isang Isyu**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Joy V. Tibi, Ma. Theresa I. Cortez |
| **Tagasuri:** | Rechie O. Salcedo |
| **Tagaguhit:**, | Mark Anthony O. Taduran, Jackielene V. Portea, Emma N. Malapo |
| **Tagalapat:** | Rey Antoni S. Malate, Ma. Dianne Joy R. dela Fuente |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Jr. Grace U. Rabelas, Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda Jerson V. Toralde, Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 4:
## Magalang na Pananalita sa Pagbibigay Reaksiyon sa Isang Isyu

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*


Kumusta na kaibigan?

Naranasan mo na bang makipagdebate o magbigay ng iyong reaksiyon sa isang isyu na pinag-uusapan ng iyong mga kaklase o kaibigan?

Kung ganoon, makatutulong ang araling ito upang linangin pa ang iyong kaalaman tungkol sa paggamit ng mga magagalang na salita sa pakikipag-argumento o pakikipagdebate maging sa pagbibigay reaksiyon o opinyon sa isang isyu.

Sa tulong ng modyul na ito, inaasahan na:

1. Nagagamit mo sa pagpapahayag ang magagalang na salita sa hindi pagsang–ayon sa pakikipag-argumento o pakikipagdebate.
2. Nakapagbibigay ka ng reaksyon sa napakinggang paliwanag; sa isyu mula sa napakinggang ulat.
3. Nakasusulat ka ng paliwanag; usapan; puna tungkol sa isang isyu; opinyon tungkol sa isang isyu; ng mga isyu/argumento para sa isang debate.



Samantala, bago natin simulan ang modyul na ito kilalanin muna natin ang ilang salita tulad ng debate, argumento at reaksiyon na mahahalagang konsepto na mahalagang maunawaan sa buong aralin.



Ang **debate** ay isang pormal at masining na pagtatalo o tagisan ng dalawang pangkat o magkaibang pangkat na magkasalungat ang panig hinggil sa isang isyu o paksa.

Ang dalawang pangkat ay binubuo ng *PRO* (Paayon) at *CON* (Kontra).

Ang **argumento** ay ang mga pahayag ng paninindigan na may katibayan sa isang paksa.

Ang **reaksiyon, opinyon, o puna** ay isang pahayag ng saloobin, damdamin, at paniniwala ng isang tao na walang batayan ng katotohanan sapagkat hindi pa napatutunayan.



## *Subukin*

**Subuking gawin ito.**

**A. Panuto:** Basahin ang teksto sa ibaba. Gamitin ang magagalang na salita na nakasulat sa loob ng kahon upang mabuo ang diwa ng *debate*. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**PAGBIBIGAY NG TAKDANG ARALIN: NARARAPAT O HINDI NARARAPAT?**

***Modereytor:*** Taong 2010 nang ipalabas ng DepEd ang Memorandum No. 392 na nagbabawal sa pagbibigay ng takdang-aralin tuwing *weekend* sa mga mag-aaral ng pampublikong paaralan. Ngayong umaga ay magkakaroon tayo ng tunggalian tungkol sa paksang "Pagbibigay ng Takdang Aralin: Nararapat o Hindi Nararapat?" Ang pangkat *PRO* (Paayon) ay binubuo nina Justin, Marq, at Joel. Ang pangkat *CON* (Kontra) ay binubuo nina Nicole, Daphnie, at Sophia.

| **PANIG NG PRO(PAAYON)** | **PANIG NG CON (Kontra)** |
|---|---|
| **JUSTIN**: Isang mapagpalang umaga sa lahat. (1) __________ ang pagbibigay ng takdang aralin tuwing Biyernes dahil mas nahuhubog ang kaalaman ng mga mag-aaral sa mga paksang tinalakay sa loob ng silid aralan. | **CAMILLE**: (4) Isang magandang umaga sa lahat.__________ ang pagbibigay ng takdang-aralin tuwing Biyernes dahil inaagaw nito ang oras at atensiyon na dapat ilaan natin para sa iba pang makabuluhang bagay lalo na sa ating pamilya. |
| **MARQ**: Sang-ayon po ako. Ito ay nakatutulong sa ating mga mag-aaral upang mapagbalik-aralan ang leksiyon. (2)_______ ang pagbibigay ng takdang-aralin dahil nililinang nito na makasanayan ang pag-aaral o good study habit. | **MA. DAPHNIE**: (5) ___________. Ito'y karagdagang pasanin lamang sa ating mga mag-aaral sa halip na makabawi ka ng pahinga bilang paghahanda sa muling pagpasok sa silid-aralan. |
| **JOEL:** (3) _____, ang pagbibigay ng takdang-aralin ay nakatutulong din sa mga mag-aaral upang tumaas ang marka. | **SOPHIA:** (6) __________ ang iyong sinasabi. Dahil kahit walang ibigay na takdang-aralin ang guro, kung ang mag-aaral ay taimtim sa pakikinig at pagsasabuhay ng kanyang natutuhan tiyak na siya ay makakakuha ng mataas na marka. |

| | |
|---|---|
| Talaga pong kailangan | Nararapat lamang po |
| Hindi po ako sumasang-ayon | Hindi ko po matatanggap |
| Opo | Hindi po nararapat |

**B. Panuto**: Batay sa isyung nabasa sa itaas tungkol sa "***Pagbibigay ng Takdang-Aralin: Nararapat o Hindi Nararapat?"*** pakinggan ang opinyon ng iyong magulang o kapatid ukol dito upang makasulat ng sariling reaksiyon o opinyon gamit ang magagalang na salita hinggil sa isyu.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Gamitin mo ang rubrik sa ibaba para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.

**Rubrik sa Pagsulat ng Reaksiyon o Opinyon**

| Marka | Pamantayan |
|---|---|
| 5<br>Napakahusay | Napakalinaw ng isinulat na reaksiyon o opinyon gamit ang magagalang na salita tungkol sa isyung pinag-usapan. |
| 4<br>Mahusay | Nakapagsulat ng sariling reaksiyon o opinyon gamit ang magagalang na salita tungkol sa isyung pinag-usapan. |
| 3<br>Katamtaman | Bahagyang nakapagsulat ng sariling reaksiyon o opinyon gamit ang magagalang na salita tungkol sa isyung pinag-usapan. |
| 2<br>Di-Gaanong Mahusay | Hindi gaanong malinaw ang isinulat na sariling reaksiyon o opinyon at hindi maituturing na magagalang na salita tungkol sa isyung pinag-usapan. |
| 1<br>Sadyang Di-Mahusay | Hindi malinaw ang isinulat na sariling reaksiyon o opinyon tungkol sa isyung pinag-usapan. Walang nagamit na magagalang na salita. |

Magaling! Natapos mo kaagad ang unang gawain.

Alam kong kayang-kaya mo iyon dahil sa araw-araw nakaririnig tayo ng iba't ibang isyung pinag-uusapan sa buong mundo. Hilig din nating magbigay ng sariling reaksiyon, opinyon, pakikipag-argumento at pakikipagdebate tungkol dito.

| Aralin 1 | Magalang na Pananalita sa Pagbibigay Reaksiyon sa Isang Isyu |
| --- | --- |

## *Balikan*

Bago natin simulan ang ating talakayan tungkol sa modyul na ito, atin munang balikan ang nakaraang aralin tungkol sa opinyon, katotohanan, at katuwiran.

**Panuto:** Basahin ang argumento nina Pedro at Jordan hinggil sa paksang "Aklat noon, Kompyuter ngayon".

*Pedro*: Magandang araw po sa inyong lahat. Mahalaga para sa akin ang paggamit ng aklat. Maraming impormasyon ang nakakalap sa pagbabasa at kahit walang kuryente, *internet* o *wifi* ay maaari pa rin itong magamit, madali pang balikan ang mga aralin.

*Jordan*: Sa inyo pong lahat ako ay bumabati. Sa pahayag ng aking katoto ay para bang may mas malalim siyang gustong ipahiwatig. Ipagpaumanhin mo po dahil ang paggamit ng kompyuter ngayon ay isa sa mahalagang kagamitan na madaling pinagkukunan ng mga impormasyon upang makaagapay sa modernong paraan sa pagkuha ng mga datos.

*Pedro*: Aking kaibigan, oo madali ka ngang makakuha ng impormasyon gamit ang kompyuter, kung maayos ang *signal* ng *internet* at kung siguradong tama ang mga datos na iyong makukuha pero sa paggamit ng aklat ay tama ang mga detalyeng iyong mababasa.

*Jordan*: Salamat sa iyo. Subalit dahil sa makabagong teknolohiya sa ngayon ay kailangan natin ng kompyuter. Pero aking kaibigan, anuman sa dalawang ito, lahat sila ay kaagapay natin sa paghubog ng ating karunungan.

**Sagutin:**

1. Ano ang paksa ng argumento ng dalawang bata?
2. Kung ikaw ang papipiliin kanino ka pabor, kay Jordan o kay Pedro? Bakit?
3. Ano-anong magagalang na pananalita ang ginamit sa argumento?
4. Maganda bang pakinggan sa pakikipag-argumento ang paggamit ng magagalang na pananalita? Bakit?

Kumusta? Nasagot mo ba lahat ng tanong? Tingnan ang wastong sagot sa pahina 17.

Dahil may sapat ka nang kaalaman sa mga argumento o debate, alamin naman natin kung paano tayo makapagbibigay ng angkop na reaksyon sa mga pahayag na hindi tayo sang-ayon upang maiwasan na makasakit ng damdamin ng iba.

## *Tuklasin*

**Magsimula ka rito.**

Basahin o pakinggan mo ang iyong magulang o kapatid habang binabasa ang debate at itala ang mga magagalang na salitang iyong narinig.

## *JUNK FOODS*: DAPAT BA O HINDI DAPAT KAININ?

ni: Christian Jay V. Tibi

**Modereytor:** Maraming kabataan at maging matatanda ay mahilig kumain ng *junk foods*. May mabuti bang naidudulot ito sa katawan ng tao? Sa umagang ito ay mapapakingan at matutunghayan ninyo ang pagtatalo o debate ng dalawang pangkat ng mag-aral sa Ikaapat na Baitang tungkol sa paksang *Junk Foods*: Dapat Ba o Hindi Dapat Kainin? Atin nang pakinggan ang saloobin ng bawat pangkat tungkol sa paksa. Ang pangkat *PRO* (Paayon) ay binubuo nina Camille, Elisha, Esel, at Benedict. Ang pangkat *CON* (Kontra) naman ay binubuo nina Dindo, Andrew, Chynchi, at Psyrene.

| **PANIG NG PRO(Paayon)** | **PANIG NG CON (Kontra)** |
|---|---|
| ***CAMILLE***: Magandang umaga po sa lahat. Sang-ayon po ako na dapat kainin ang *junk foods* dahil mabibili lamang ito sa murang halaga, kung kaya't makakatipid ka. | ***DINDO***: Sa lahat, Magandang umaga po. Hindi ko po matatanggap ang iyong sinabi. Makakatipid ka nga, pero kulang naman ang nutrisyon na ibinibigay nito para sa pangangailangan ng katawan. |
| ***BENEDICT***: Tama po ang sinabi ng aking kapanalig na si Camille, masarap na ang kinain mo, may maiipon ka pang pera! | ***CHYNCH***: Hindi po ako sang-ayon na dito ay makakatipid sapagkat doble pa ang gagastusin sa sandaling ikaw naman ay magkasakit. |
| ***ELISHA***: Lubos po akong nananalig na ang *junk foods* ay dapat kainin dahil hindi ka na mapapagod sa paghahanda nito, sa isang iglap, may pagkain ka na! | ***ANDREW***: Ikinalulungkot ko pong sabihin na ang pagkain ng junk foods ay maaring magdulot ng sakit. Mababa ang makukuhang nutrisyon mula rito ngunit mataas ang *calories*, *fats*, *sugar*, *salt* o *caffeine*, mga sangkap na masamang sumobra sa ating katawan. |
| ***ESEL***: Kaisa mo ako kapanalig na Elisha, miski sa outing hindi ito nalilimutan dahil madaling ihanda at katakam-takam pa! | ***PSYRENE***.Hindi po ako naniniwala. Hinahanap-hanap ito dahil sa dulot ng *"fats"* sa utak. na maaaring maging sanhi ng pagiging *obese* o labis na katabaan. Pinagmumulan rin ito ng mga sakit gaya ng *diabetes,* pagtaas ng *cholesterol* at *high blood.* |

**Modereytor**: Kapuwa magagaling ang tagapagsalita ng bawat kasapi ng pangkat. Bawat isa ay mahusay na nakapagbigay ng kanilang argumento tungkol sa paksa. Mga manonood/tagapakinig, ang paghuhusga at pagpapasiya ay nasa inyo kung dapat ba o hindi dapat kumain ng junk foods.

**A. Sagutin Mo**

1. Anong uri ng teksto ang binasa mo?
2. Anong panig ng argumento kabilang ang bawat pangkat?
3. Ano-anong magagalang na salita ang ginamit ng pangkat PRO? pangkat CON?
4. Bakit kailangang gumamit ng magagalang na pananalita Sa pakikipag-argumento o pgbibigay ng salungat na reaksiyon?
5. Sa iyong pananaw, may kabutihan bang maidudulot ang pagkain ng junkfood?

**B. Gawin Mo**

Tanungin din ang opinyon ng iyong magulang at kapatid tungkol sa argumento ng dalawang pangkat at buoin ang iyong reaksyon tungkol dito. Kompletuhin ang nasa ibaba.

Sa aking pananaw ________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

_________________________________________________.

Alam mo na ba kung ano-ano ang magagalang na pananalita na maaaring gamitin sa pakikipag-argumento?

Sa puntong ito, mas higit ka pang masasanay sa paggamit ng magagalang na salita sa pakikipagdebate o pakikipag-argumento.



## *Suriin*

Bago tayo magpatuloy sa pagtalakay, suriin kung paano mo binigyan ng sagot ang mga tanong kaugnay sa iyong binasa? Iyan ang ating sasagutin sa ating aralin.

Mainam bang gamitin ang magagalang na salita sa pagbibigay ng argumento at pakikipagdebate?

*Opo! Mainam na gamitin ang magagalang na pananalita sa pagbibigay ng argumento sa isang debate sapagkat ito'y nagpapakita ng paggalang sa kausap kahit na sumasang-ayon o hindi sumasang-ayon sa isyung pinag-uusapan, nagiging maganda ito sa pandinig ng iba at naiiwasang makapanakit ng damdamin ng taong katunggali.*

Narito ang ilan sa mga magagalang na salitang ginamit sa argumento o debateng binasa.

| **Panig PRO** | **Panig CON** |
|---|---|
| *Sang-ayon **po** ako* | *Hindi ko **po** matanggap* |
| *Tama **po*** | *Hindi **po** ako sang-ayon* |
| *Lubos **po*** | *Ikinalulungkot ko **po*** |
| *Kaisa mo **po*** | *Hindi **po** ako* |

> Ikaw naman, subukin mong makipagdebate sa iyong kapatid, pinsan o kalaro tungkol sa: **Dapat o Hindi Dapat Magsuot ng *School Uniform* sa mga Pampublikong Paaralan?** Huwag kalimutang gamitin ang mga magagalang na salita.

---

O 'di ba napakasaya! Alam kong kayang kaya mo. Ngayon talakayin naman natin kung paano ka nakapagbigay ng reaksiyon sa napakinggang paliwanag mula sa argumento o debate?

Tama! Sa pamamagitan ng masinsinang pakikinig sa taong nagsasalita maunawaan mo nang mabuti ang kaniyang paliwanag tungkol sa isyu mula sa napakinggang ulat, argumento o *debate.* Mainam din na itala ang mahahalagang detalye sa bawat narinig na paliwanag upang maging gabay mo ito sa pagbibigay ng sariling reaksiyon. Kung sasang-ayon ka ba o hindi sa kanyang sinabi. Halimbawa: (Reaksiyon mula sa binasang debate sa taas)

**Ikinalulungkot** ko mang isipin ngunit marami sa ating mga kabataan ang mahilig sa pagkain ng *junkfood* dahil siguro sa taglay nitong lasa. Hahanap-hanapin mo ang pagkain nito na hindi mo na maaalintana ang masamang dulot nito sa katawan.

Sige nga subukin mong magbigay ng sariling reaksiyon tungkol sa isyung napag-usapan ng iyong kapatid, pinsan o kalaro tungkol sa Dapat Ba o Hindi Dapat Magsuot ng School Uniform sa mga Pampublikong Paaralan?

Mahusay! Alam kong nagawa mo ito… Ngayon naman talakayin natin ang tanong na: Ano ang mga ginawa mong paraan upang maisulat ang iyong paliwanag, puna, reaksiyon, o argumento sa isang debate?

Ang galing! Ganito rin ang iyong ginawa. Sa pagsulat ng paliwanag, puna, reaksiyon o argumento sa isang debate ay kailangang isaalang-alang ang sumusunod:

***Mga Dapat Tandaan**:*

- Isipin kung paano ilalahad ang paksa.
- Isa-isang bigyang-pansin ang bawat paliwanag tungkol sa isyu.
- Isulat ang mga detalyeng nagbibigay ng diin o impormasyon tungkol dito.
- Bumuo ka ng sariling reaksiyon batay sa iyong napakinggan at obserbasyon.

- Gawing simple, malinaw, at hindi maligoy ang paglalahad ng iyong reaksiyon o puna.

**Halimbawa:**

*Junk Foods*: Dapat Ba o Hindi Dapat Kainin? Isa sa mga isyung pinagtatalunan ng mga kabataan ngayon. Tulad na lamang ng dalawang pangkat na nagpaliwanag ng kani-kanilang opinyon ukol dito. Para sa akin, mas higit akong naniniwala na ang Junk Foods ay nakasasama sa ating kalusugan. Wala itong maibibigay na sustansiya sa ating katawan. Tulad na lamang ng argumento ng Panig CON, ang *junk foods* ay magdudulot ng iba't ibang sakit sa tao.

Ikaw naman, subukin mong sumulat ng reaksiyon o opinyon tungkol sa isyung inyong pinag-uusapan. **Dapat Ba o Hindi Dapat Magsuot ng School Uniform sa mga Pampublikong Paaralan?**

______________________________

Binabati kita at naunawaan mo ang tinalakay. Halina't magpatuloy tayo sa ating gawain sa pagsagot sa mga pagsasanay upang lalong mapalawak at mapagtibay ang iyong kaalaman tungkol sa ating aralin.




## *Pagyamanin*

**A. Panuto**: Basahin ang teksto sa susunod na pahina. Punan ng angkop na magagalang na salita ang patlang upang mabuo ang diwa ng debate. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**Sang-ayon o Hindi Sang-ayon: Dapat Nang Magkaroon ng Klaseng *Face to Face***

**Modereytor**: Isang magandang araw po sa inyong lahat. Sa bawat yugto ng ating buhay ay mga pagsubok na dumarating na hindi inaasahan. Tulad na lamang ng kasalukuyang sitwasyon na buong mundo tumigil sa pag-ikot sa pang araw-araw na gawain na siyang nagpabago sa bagong buhay na kinakaharap ng lahat. Isa sa mga naapektuhan ay ang sistema ng edukasyon na kung saan nagkaroon ng malaking suliranin kung papaano ipagpapatuloy ang pag-aaral ng mga bata sa kabila ng pandemyang nararanasan. At ngayon, 1.__________ nating pag-usapan ang isyu kung Sang-ayon o Hindi Sang-ayon: Dapat nang magkaroon ng klaseng *face to face* ng dalawang pangkat.

**Unang Panig:** Isang mapagpalang araw po sa inyong lahat. Ang edukasyon ay sinasabing kayamanan na hindi kailanman mananakaw ninuman. 1. ___________________, kahit na nasa panahon tayo ng pandemya, ako po ay sumasang-ayon na magkaroon ng klaseng *face to face* sapagkat mas madali ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung ang guro mismo ang magtuturo ng aralin dahil sa angking kakayahan nito na makapagpaliwanag nang may mabisang pakikipagatalastasan sa mga mag-aaral. Karamihan sa mga magulang ay nagtatrabaho at walang sapat na oras na matutukan ang kanilang anak sa pag-aaral gamit ang iba't ibang *learning modalities.* 3.______________, may mga magulang din na hindi sapat ang kaalaman sa pagtuturo sa kanilang mga anak. Ngunit sa kabilang banda, kung magkakaroon ng pagbabalik ng klase sa face to face, kailangan lang na maging maingat at sundin ang *health protocol* upang hindi mahawahan ng *COVID 19.*

**Ikalawang Panig:** Sa inyo pong lahat ako ay bumabati. Iba po ang iyong pananaw kaibigan. 4.______________ sa iyong paliwanag, dahil para sa akin mas mainam na wala munang face to face *classes* hangga't walang bakuna sapagkat mas mahalaga pong

unahin ang kaligtasan ng mga bata. Dahil po kung ang mga bata ay nasa paaralan, malaki ang possibilidad na magkahawahan at mas lalo pang dumami ang bilang ng may *COVID 19*. Maaari namang matuto ang mga bata sa bahay sa tulong ng kanilang mga magulang gamit ang iba't ibang *learning modalities*. Kaya't hindi masasabing matitigil ang pag-aaral ng mga bata.

**Modereytor:** *5.* ___________________ninyo ang opinyon ng dalawang panig. Nasa sa inyo kung sino ang inyong papanigan. Ngunit, lagi po nating isaisip na ang pag-aaral ay napakahalaga upang magkaroon ng magandang kinabukasan ang bawat kabataan.

**B. Panuto**: Pakinggan ang opinyon o paliwanag ng iyong magulang o kapatid tungkol sa isyung "**Ibalik na ang Face-to-Face Learning sa susunod na pasukan".**

Pagkatapos mong pakinggan ang kanilang paliwanag, sumulat ng sariling opinyon o reaksiyon tungkol dito. Gawin ito sa sagutang papel. Gamitin ang rubriks na nasa pahina 4 para sa kabuoang ayos ng iyong ginawa. Ipamarka ito sa iyong magulang o kapatid.



## *Isaisip*

Isiping mabuti…

**Panuto:** Punan ang sumusunod na talahanayan tungkol sa iyong natutunan at ipaliwanag kung gaano ito kahalaga.

| Ano ang iyong natutuhan? | Gaano ito kahalaga? |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |

## *Isagawa*

**A. Panuto:** Bumuo ng dalawang pangkat. Maaari galing sa iyong pamilya, kamag-anak, pinsan o kalaro. Magsagawa ng isang debate tungkol sa paksang ***Dapat na ba o Hindi pa Dapat Palabasin ang Mga Menor de Edad Ngayong Pandemya?*** Gamitin ang magagalang na salita sa argumentong pagsang-ayon at lalo na sa hindi pagsang-ayon.

**B. Panuto:** Pagkatapos ng debate, magbigay ng reaksyon sa napakinggang paliwanag tungkol sa isyu at isulat ito sa iyong papel.

________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

_____________________________________________

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang pagsasanay, tingnan kung ito ay tama o mali sa susi sa pagwawasto sa pahina 17 ng modyul na ito

## *Tayahin*

Nahasa na ba ang iyong isipan sa pagsagot sa mga pagsasanay sa modyul na ito? Hanggang saan na kaya ang natutuhan mo?

**A. Pagsulat ng Argumento sa Isang Debate**

**Panuto:** Pumili ng isang paksa o isyu na nakasulat na ibaba. Sa tulong ng magulang o kamag-anak pakinggan ang kanilang

reaksiyon o opinyon tungkol dito upang makasulat ka ng iyong sariling paliwanag o malinaw na argumento para sa isang debate. Gamitin ang magagalang na salita sa pagbuo nito lalo na sa pahayag na hindi pagsang-ayon. Itala ang nasabing pahayag sa talahanayan sa ibaba. Kopyahin ito sa iyong sagutang papel.

1. Selpon sa Paaralan: Dapat o Hindi Dapat Dalhin?

2. Dapat ba o Hindi Payagan ang mga Bata na Maglaro ng *Mobile Games*?

3. Mag-eehersisyo o Hindi sa Panahon ng Pandemya?

| Panig PRO | Panig CON |
|---|---|
| | |

**B.** Paggamit ng Magagalang na Salita sa Pagbibigay ng Sariling Reaksiyon sa Isang Isyu

**Panuto:** Magbigay ng reaksiyon sa napiling paksa o isyu batay sa mga napakinggang paliwanag ng iyong magulang o kamag-anak. Gamitin ang rubriks sa ibaba sa pagsulat ng iyong reaksiyon.

**Rubrik sa Pagsulat ng Reaksiyon o Opinyon**

| **Marka** | **Pamantayan** |
|---|---|
| 5<br>Napakahusay | Napakalinaw ng isinulat na reaksiyon o opinyon gamit ang magagalang na salita tungkol sa isyung pinag-usapan. |
| 4<br>Mahusay | Nakapagsulat ng sariling reaksiyon o opinyon gamit ang magagalang na salita tungkol sa isyung pinag-usapan. |
| 3<br>Katamtaman | Bahagyang nakapagsulat ng sariling reaksiyon o opinyon gamit ang magagalang na salita tungkol sa isyung pinag-usapan. |
| 2 | Hindi gaanong malinaw ang isinulat na sariling reaksiyon o opinyon at hindi maituturing na |

| | |
|---|---|
| Di-Gaanong Mahusay | magagalang na salita tungkol sa isyung pinag-usapan. |
| 1<br>Sadyang Di-Mahusay | Hindi malinaw ang isinulat na sariling reaksiyon o opinyon tungkol sa isyung pinag-usapan. Walang nagamit na magagalang na salita. |

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo ang lahat nang pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina 17

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐



## *Karagdagang Gawain*

Upang tuluyan kang maging bihasa, sanayin mo pa ang iyong sarili sa paggamit ng magagalang na salita sa di-pagsang-ayon sa isang argumento

**Panuto:** Sumulat ng argumento na di sang-ayon sa paksang "**Pamamalo sa Anak Bilang Disiplina**". Gamitin ang magagalang na salita.  Balikan at gamitin ang rubriks sa pahina 17.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

**A.**
1.Nararapat lamang po
2.Opo
3.Talaga pong kailangan
4.Hindi po nararapat
5. Hindi po ako sumasang-ayon
6.Hindi ko po matanggap

**B**
Iwawasto gamit ang rubrik

**Balikan**

1.Aklat Noon, Kompyuter Ngayon
2.Naka depende ang sagot sa mag-aaral. Iwawasto sa tulong ng magulang
3.Magandang araw po, Sa inyo pong lahat ako ay bumabati, Ipagpaumanhin mo po, Hindi po yan, Salamat po sa iyo
4. Naka depende ang sagot sa mag-aaral. Iwawasto sa tulong ng magulang.

**Tuklasin**

1. Debate
2. Sa pamamagitan ng magagalang na salita
3.**PRO**

Magandang umaga po
Sang-ayon po ako
Tama po
Lubos po
Kaisa mo po

**CON**

Hindi ko po matatanggap
Hindi po ako sang-ayon
Ikinalulungkot ko
Hindi po ako naniniwala

4-5 Naka depende ang sagot sa mag-aaral. Iwawasto sa tulong ng magulang.

**Pagyamanin**

**A.**
1.mas mainam po
2.para po sa akin
3. Bukod pa po rito
4.Hindi po ako sang-ayon
5.Napakinggan na po
(tanggapin ang ibang sagot)

**B.** Iwawasto gamit ang rubrik

**Pagyamanin/Tayahin**

Iwawasto gamit ang rubrik

**Isaisip**

Natutuhan ko ang sumusunod:

1.Paggamit ng magagalang na salita sa pagpapahayag sa hindi pagsang-ayon, pakikipag-argumento o pakikipagdebate. Napakahalaga nito upang hindi makapanakit ng damdamin at pagbibigay galang sa kausap.
2.Pagbibigay ng reaksiyon sa napakinggang paliwanag ukol sa napakinggang isyu sa pamamagitan ng pakikinig nang mabuti sa taong nagsasalita upang maibigay ang tamang reaksiyon sa isyung pinag-uusapan.
3.Pagsulat ng opinyon, puna, argumento o debate ay kailangang isulat at pakinggan ng mabuti ang bawat detalye ng isyung pinag-uusapan.

**Isagawa**

| Kailangan | Di-Kailangan |
|---|---|
| 1.Talagang kailangan po ang cellphone dahil ito ang pinakmadaling gamit sa komunikasyon | 1. Hindi po kailangan ang cellphone nakakaligtaan na gawin ang mga mas makabuluhang bagay |
| 2. Tama po ang sinabi mo, ito rin ay ginagamit sa paghahanap ng impormasyon sa Internet | Hindi ko matatanggap ang iyong sinabi, sa hindi kontroladong paggamit ay maaaring makasira ng mata. |
| 3.Opo, ito ay maraming gamit sa ating pang araw-araw na buhay. | 3.Hindi po ako naniniwala. Ito ay makakasagabal lang sa ating mga gawain sa araw-araw |

**Karagdagang Gawain**

1. Hindi po ako sang-ayon. Hindi lahat ng estudyante ay may kagamitan tulad ng cellphones at laptops
2. Hindi po lahat ng estudyante ay kakayanin ang gastos sa Internet, kaya di-ako sang-ayon.
3.Ikanalulungkot ko po mabagal ang koneksiyon ng Internet sa Pilipinas kaya hindi epektibo ang online na pag-aaral.
4. Hindi po ako sang-ayon dahil mahirap iwasan ang teknikal na problema
5. Sumasalungat ako dahil maraming estudyante ang mapag-iiwanan.

## *Sanggunian:*


1. Lalunio, L., Ril, F., & Villafuerte, P., (2010). Hiyas Sa Pagbasa 5. 1st ed. Quezon City: SD Publications Inc.

2. Philstar (2017). Masamang Epekto ng Junk Food. Retrieved April 25, from https://www.philstar.com/pang-masa/para-malibang/2017/04/25/16688581/ang-masamang-epekto-ng-junk-food

3. Rebamba, R. 2012. Paggamit ng Magagalang na Pananalita na Angkop sa Iba't Ibang Sitwasyon. Retrieved July 12, from https://www.slideshare.net/razelrebamba9/paggamit-ng-magagalang-na-pananalita-na-angkop-sa

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph